

One

Hindi alam ni Jayson kung ilang oras na niyang tinititigan ang sarili sa salamin habang pinapraktis ang mga nais sabihin.

“A-Angelique, mahal kita... Angelique, I heart you. Angelique, ‘wag ka sanang magagalit, hindi ko mapigilan ang sarili kong mahalina ka e... Angelique, pwede bang humingi ng pabor? Mahalin mo naman ako o. I love you, Gel,” pagtatapos niya bago kakamot-kamot ng ulong tinalikuran ang sarili sa salamin.

“Tsk, tsk. Ang baduy! Bakit ba hindi ako makaisip ng perfect line para masabi ko sa ‘yong mahal kita?”

Kinuha ni Jayson ang bulaklak at tsokolateng binili niya para kay Angelique at isinilid ang mga iyon sa loob ng bag niya.

“Jayson, papasok ka na ba?” tanong ng lola niya mula sa kusina.

“Opo.”

“Teka, ‘yung baon mo na ginawa ko, baka malimutan mo!”

“La naman. Ang laki-laki ko na, ginagawa n’yo pa ‘ko ng baon!”

“Ah, basta. Kahit pa magtrabaho ka na, igagawa pa rin kita ng sandwich para baon mo para hindi ka



magutom!” anang matanda.

Tinanggap niya iyon saka nagmadali nang lumabas ng bahay. Nang madaanan ang isang batang kalye na nagkakalkal sa basurahan ay inilabas niya ang sandwich niya at ibinigay na lang dito.



Papunta na si Angelique sa canteen ng school nila nang mapahinto siya sa paglalakad. Paano’y natisod siya sa isang notebook. Dinampot niya iyon at binuklat.

“Diary? Hmm...”

Binuklat pa niya iyon nang binuklat.

“Marami-rami na ring laman pero walang name? Who owns this kaya?” tanong niya sa sarili.

Isinara niya ang diary na napulot at ipinasok sa loob ng bag bago siya muling naglakad.



“Yes!” ang malumanay na sigaw ni Mark nang matanggap nito ang dalawang donuts mula kay Angelique habang nasa canteen sila ng school.

“Yes? Bakit?”

“Anong bakit? Di ba magka-chat tayo kagabi? At ang sabi mo, ngayon ko malalaman ang sagot mo kung sasagutin mo ba ako o hindi. At eto! Eto ang sagot mo di ba? Two donuts! That means oo! As in oo, sinasagot mo na ‘ko!’”

“Ha? Wait lang ha! Super assuming ka agad diyan! Binigyan kasi ako ni Jayson ng half dozen donuts so isine-share ko lang sa ’yo ang dalawa!”

“Gano’n? Ibig sabihin walang ibig sabihin ‘tong two donuts?”

“Oo, as in oo walang ibig sabihin!”

Napawi ang tuwa ni Mark. Napalitan iyon ng disappointment.

“Uy, lungkut-lungkutan! Meron naman ako ditong...” May kinuha si Angelique sa bag niya at iniabot kay Mark.

“Pouch? Aanhin ko ‘to?”

“Bakit di mo buksan?”

Nag-aalangan man ay binuksan pa rin ni Mark ang pouch.

“Small box?”

“Buksan mo pa!” nakangiting sabi ni Angelique.

“Ikaw, Gel ha. Baka bomba ang laman nito!” biro ni Mark.

Hindi kumibo si Angelique. At hindi rin nakakibo si Mark nang makita niya ang laman ng maliit na box na isang pares ng mga singsing na may magkabayak na pusong bato sa gitna.

“Gel... ito na ba?”

“Yup! Kung ang two donuts walang ibig sabihin, ‘yang mga singsing na ‘yan meron!”

“T-talaga? So ito na?”

Inilahad ni Angelique ang mga daliri niya kay Mark.

“Those will be our love rings! Ano pa’ng hinihintay mo? Isuot mo na sa akin ang isa!”

“Teka, di ba dapat ako ang magbigay sa ‘yo nito?”



“Naku, pasensya ka na ha. Choosy kasi ako eh. Baka hindi ko magustuhan ang singsing na ibibigay mo, so I bought na for us. Di bale ‘yung wedding rings natin, promise, magkasama tayong bibili!”

“Ha? Wedding ring agad?”

“Alam ko matagal pa ‘yon kaya iyan na munang love rings natin ang i-treasure natin! Isuot mo na dali!” excited na sabi ni Angelique.

“Okay!”

“Wait!” pigil ng babae.

“Bakit?”

“Kasi di ba dapat habang isinusuot mo sa ‘kin ‘yan, nagsasabi ka ng mga flowery lines for me? Para naman ma-feel ko na true talaga ‘yung love mo sa ‘kin!”

“Flowery lines?”

“Yup!”

“Okay, ah, rose, orchids, sunflower, bougainvillea,” madamdaming sabi ni Mark.

“Maaaark!” tili ni Angelique. Napatingin tuloy sa kanila ang karamihan ng nasa canteen. Sumenyas agad siya sa mga tumingin na okay lang sila.

“Bakit na naman?” pabulong na tanong ni Mark.

“I said flowery lines, hindi mga flowers!” bungisngis nito. “Okay, to make it clear, sweet lines! Hindi mga candies and chocolates ha. Sweet as in sweet!”

“Nagbibiro lang naman ako kanina eh!”

“Palusot ka pa. Sige na, dalian mo. Baka mag-bell na eh!”

“Okay, eto na. Angelique, wear this ring as a sign of my endless love, through the good and through the bad, till death do us part.”

Isusuot na lang ni Mark ang singsing sa daliri ng kinikilig na si Angelique nang bigla nitong mabitawan iyon ng lalaki bago ito tumakbo papunta sa comfort room sa loob ng canteen ang lalaki.

“Mark! Mark!” tawag ni Angelique.

Pinulot ni Jayson ang nalaglag na singsing.

Dahil nabigla si Angelique sa pagtakbo ni Mark, hindi na siya nakaiwas nang biglang kinuha ni Jayson ang kamay niya at ito na mismo ang nagsuot sa kanya ng singsing.

Habang sinusuot ni Jayson ang singsing sa dalaga ay nakatingin ito sa kanya na para bang ito ang may-ari ng singsing, na para bang ito ang may nararamdaman para sa kanya.

“Paano itong ring niya?” malungkot niyang tanong sa long time friend din nila ni Mark.

Hindi ito kumibo hanggang sa biglang tumunog ang bell, hudyat na tapos na ang breaktime at kailangan na nilang bumalik sa klase.

“Akin na. Ako na ang magbibigay sa kanya. Sige na, pumasok ka na. Hihintayin ko siya.”

“Sige. Salamat, Jay ha.”

Tumango lang si Jayson. Hindi niya alam na malungkot na sinundan siya nito ng tingin. At mula sa bag nito ay kinuha nito ang nakatagong flowers and



chocolates. Saglit iyong tinitigan ng binata bago itinapon ang mga iyon sa basurahan.



Sa loob ng comfort room, nakatitig lang sa reflection niya sa malaking salamin si Mark, kinakausap ang sarili.

“Mark Thomas, handa ka na ba talagang pumasok sa isang relasyon? Handa ka na ba talagang maging boyfriend ni Angelique Santos? Kung hindi pa, ’wag mong pilitin ang sarili mo. Just be yourself,” bulong niya sa sarili.

Nagulat siya nang isang lalaking estudyante ang lumabas mula sa isang cubicle. Tatawa-tawa itong napatingin sa kanya.

“Hoy, ikaw! Ano’ng tinatawa-tawa mo diyan ha? Clown ba ako?”

Natigil ang tawa at walang imik na lumabas ng CR ang lalaki.

Lumabas na rin ng CR si Mark. Nagulat pa siya nang makita si Jayson na naghihintay sa kanya.

“Jayson!”

“Maka-react ka naman para kang nakakita ng multo!”

“Ano ba kasi’ng ginagawa mo dito? Magsi-CR ka ba?”

“Hindi. Hinihintay talaga kita. Itong singsing na ’to, sigurado ka ba rito?” kunot-noong tanong ni Jayson.

“Ha? E, oo naman!”

Inilagay ni Jayson ang singsing sa palad ni Mark.

“Siguraduhin mo lang na hindi mo paiiyakin si Angelique. Dahil kapag pinaiyak mo siya, sisiguraduhin ko naman sa ‘yo na ikaw naman ang paiiyakin ko sa bugbog. Naiintindihan mo ba?”

“Bakit, tol? Ikaw na ba ang tatay ngayon ni Gel?”

“Hindi!”

“Kuya?”

“Hindi rin.”

“Hindi naman bagay kung lolo?”

“Isa lang akong kaibigan na handang gawin ang lahat para sa ikaliligaya niya!” Pagkasabi niyon ay tinalikuran na ni Jayson si Mark.

“Tol! Sa pagkakaalam ko, kaibigan mo rin ako! Handa mo rin bang gawin ang lahat para sa ikaliligaya ko?” habol na sigaw ni Mark pero malayo na si Jayson para marinig pa siya.



Nang gabing iyon, kausap ni Angelique ang kaibigang si Yumi sa cellphone.

“Yumi, tingin mo ba love talaga ako ni Mark? Kasi after niyang mabitawan ‘yung ring ko, hindi na kami nagkita sa school. Hinintay ko siya pero ang sabi ni Jayson nauna na raw umuwi kasi sumasakit ang tiyan. ‘Tapos I’m trying to call him naman pero unattended na CP niya. Hindi rin naman siya naka-OL. Tingin mo ba need ko na siyang puntahan sa kanila para i-check ang kalagayan niya?”

“Hello? Angelique Santos, ikaw ba ‘yan?”



“Oo naman!”

“Kasi sa pagkakakilala ko sa ‘yo, you’re not that kind!”

“Kind of what?”

“The flirty kind!”

“What? Of course hindi ako gano’n ‘no!”

“So kung hindi ka flirt, be prim and proper! Okay na ‘yung nakumusta mo siya sa text about his aching stomach. Kung hindi siya nag-reply o kung naka-off ang phone niya, palipasin mo naman ang gabi at saka mo siya kumustahin ulit bukas! Okay na ‘yon, ‘no! Para naman hindi ka magmukhang dead na dead sa kanya!”

“E baka kasi—”

“Baka grabe? Alam mo kung may nangyari sa kanya na mas grabe pa sa sakit ng tiyan, I’m sure somebody will let you know!”

“So ano’ng gagawin ko ngayon?”

“Like what I’ve said, palipasin mo muna ang gabing ito. Go to sleep na. Goodnight, baby Gel!” sabay baba na ni Yumi ng phone nito.

Napilitan si Angelique na mahiga na sa kama niya at balikan na lang sa isip ang mga pangyayari kanina hanggang sa makatulugan na niya ang kaisipang iyon.



Nang mga sandaling iyon ay malalim rin ang iniisip ni Mark. Pinag-iisipan niyang mabuti kung tama ba ang ginawa niya. Kung tama bang maging boyfriend siya ni Angelique. Kung tama bang magpatangay na lang siya sa

agos ng kanyang kapalaran.

Kanina, hindi naman totoong sumasakit ang tiyan niya. Gusto lang talaga niyang makauwi agad at makapagmuni-muni. Napag-isipan naman na niya ito dati pero ngayon ay tila bigla siyang nagkaroon ng second thoughts.

sParang may mali. Naguguluhan siya. Isa lang ang nasisiguro niya at iyon ay ang conflict na kakaharapin niya.

Bumalikwas siya ng bangon. Kinuha niya ang bag at may hinanap sa loob niyon.

“Ha? Nasa’n na ‘yon?”

Inilabas niya ang lahat ng gamit sa bag pero hindi niya nakita ang hinahanap.

Tumigil siya saglit at binalikan sa isip ang mga pangyayari nitong maghapon kung saan at paano niya maaaring nakaligtaan ang hinahanap.

Ang naisip lang niyang posibleng sandali ay nang nasa library siya n’ung umaga ‘tapos biglang nag-bell para sa breaktime. Nagmadali siyang tumayo at lumabas mula sa library dahil may usapan sila ni Angeli que sa canteen, ‘tapos... ‘tapos pagdating sa canteen nakita niyang bukas ang bag niya. At hindi niya tsinek kung may nahulog mula doon!



Sa mga sandali ring iyon ay may hinahanap rin si Jayson sa bag niya. Pilit din niyang binabalikan ang mga pangyayari kung saan at paano niya mawawala ang bagay



na 'yon.

Pero kahit anong scenario ang isipin niya, hindi siya makasiguro.

Tsinek na rin niya nang palihim ang gamit ng pinsan niyang si Bob sa pagbabakasakaling pinakialaman nito ang gamit niya pero hindi rin nakita ang hinahanap.

Two

“Jayson!” tawag ni Yumi.

“Yumi, ikaw pala.”

“Papasok ka na? Sabay na tayo ha!”

Tumango ang binata.

“Jay, hindi maganda ‘yung balita kahapon ah.”

“Hindi ako nanood ng balita.”

“Ano ‘yon joke?” tawa ng babae. “Ang ibig kong sabihin eh ‘yung balita tungkol sa mga BFFs mo, kina Mark at Gel!”

“Ah ‘yun ba?”

“Ikaw kasi, ang bagal mo!”

“Ano’ng sinasabi mo?”

“Ano’ng sinasabi ko? Wala akong amnesia, Jayson. Baka ikaw meron. Nakalimutan mo na ba last year n’ung birthday ni Mark? Nalasing ka at ang sabi mo sa akin si Angeli que lang ang tanging babae na nakakapagpasaya sa ‘yo! Hindi ako lasing n’un ha!”

“Talaga? Sinabi ko ‘yon?”

“Ewan ko sa ‘yo! Basta aminin mo man o hindi, ikaw lang ang apektado dito!”

Hindi nakasagot si Jayson. Totoo naman ang sinabi ni Yumi. Pero hindi man niya iyon aminin sa iba, sa sarili niya ay hindi niya iyon ikinakaila. Malalim na kasi



ang pagkakaibigan nila ni Angelique. Mas malalim pa sa pagkakaibigan nila ni Mark.

Magkaibigan na sila ng babae since grade school, samantalang si Mark ay dumating lang sa buhay nila noong high school nang mag-transfer ito sa school nila noong sophomore pa lang sila.

At sa pagdating nga nito ay alam niyang naging espesyal agad ito kay Angelique kaya hindi na siya nagulat nang magkagustuhan ang mga ito hanggang sa sagutin ito ng dalaga kahapon. Nakakaselos pero sa pagkakataong ito, wala siyang magagawa kundi tanggapin iyon at ikubli na lang ang pagtingin niya sa dalaga.

Ang konting lakas ng loob na naipon na sana ni Jayson ay biglang naglaho ulit nang malinaw niyang marinig mula mismo sa dalawa ang damdamin ng mga ito para sa isa't isa.



“Mark, your dad will come home soon!” sabi ng mommy niyang si Martha habang naghahanda ang binata para pumasok sa eskuwela.

“Yes, Mom, I know. Nag-usap kami ni Dad sa phone.”

“Oh, really? Well, alam mo na rin ba kung bakit siya uuwi?”

“Yes, Mom. Business as usual.”

“Hindi lang ‘yon. Hindi ba niya sinabi sa ‘yo?”

“Oh, yes, I know. Gusto niyang ma-meet ang

girlfriend ko.”

“O, bakit parang sad ka?”

“Kasi naman, Mom, I’m wondering why he really wanted me to have a girlfriend agad-agad. Masyado niya akong minamadali!”

“Anak, alam mo naman di ba? ‘Yung dalawa mong half-brothers sa first family niya sa America puro gays. So he just wants to make sure na hindi ka nila katulad.”

Nangiti nang sarkastiko si Mark.

“Mark, I am not kidding. Your dad was so disappointed with them. Ayokong ma-disappoint din siya sa ‘yo. So please make sure to make him proud, okay?”

“Mommy, matagal na silang hiwalay n’ung una niyang asawa. Hindi naman natin kailangang makipagkumpitensya sa kanila. Hindi natin kailangang maging angat o lamang sa kanila para mahal in tayo ni Daddy gaya ng pagmamahal niya sa kanila.”

“That’s not what I mean. I just want your dad to be happy.”

“I hope you want me to be happy, too.” Pagkasabi niyon ay lumabas na ng bahay si Mark. Hindi na niya pinansin nang habulin siya ng tawag ng kanyang mommy.



“Mark!” tawag ni Angelique mula sa likuran niya habang naglalakad siya sa hallway ng school.

“My angel!” open arms na bati ni Mark.



“Wow, bago ‘yon ah! Pero, Mark, ano ba’ng nangyari sa ‘yo kahapon? Ni hindi ka man lang nag-effort na sabihin sa ‘kin.” May himig pagtatampo sa tinig ng dalaga.

“Pasensya ka na, my angel. Sa sobrang sakit ng tiyan ko, hindi ko na nagawang mag-effort na sabihin sa ‘yo!”

“Eh kumusta naman ngayon?”

“Eto, okay na! Kabag lang siguro!”

“Kabag? Kung gusto mo, samahan kita mamaya sa doctor. Baka mamaya hindi lang ‘yan basta kabag!”

“No thanks. Like what I said, I’m okay na!”

Nakita niyang tiningnan ni Angelique ang kamay niya.

“O, see!” nakangiti niyang biro. “Kala mo hindi ko suot ang singsing natin ‘no?”

“Buti na lang suot mo. Kasi kung hindi, magtatampo talaga ‘ko sa ‘yo. Nilaglag mo na nga kahapon ‘yung ring na dapat eh isinuot mo sa daliri ko, ‘tapos ngayon hindi mo pa susuotin ‘yung sa ‘yo!”

“Kaya nga sinuot ko, di ba? Para naman hindi ka na magtampo. Sorry kahapon, ah. Masama lang talaga ang lagay ng tiyan ko.”

“Okay na, forgiven ka na. Basta from now on, we will be more considerate, sweet, thoughtful, caring, and loving to each other na ha!” panlalambing ni Angelique.

“No problem. We will!”

“Promise?”

Pero bigla nang tumunog ang bell at kinailangan na

nilang pumasok sa kani-kanilang classrooms kaya hindi na nakapag-promise si Mark.



Hinihintay ni Mark si Angeliqye malapit sa gate ng school matapos ang dismissal. Si Jayson ang una niyang nakita.

“Tol, bakit hindi mo kasabay si Gel?”

“Cleaner siya ngayon kaya mayamaya pa ang uwi niya.”

“Gano’n ba?”

Sina Jayson at Angeliqye kasi ang magkasama sa klase. Iba ang section ni Mark pero pare-pareho silang nasa fourth year high school.

Panay tingin ni Mark sa orasan at panay kamot din siya sa ulo.

“Alam mo kung naiinip ka, mauna ka na. Ako na lang ang maghihintay kay Gel,” suggest ni Jayson.

“H-ha? Eh kasi... kailangan ko pang dumaan sa gym after ko sana siyang ihatid sa kanila. Kaya lang, baka hindi na ’ko umabot sa oras ko sa gym kapag hindi pa rin siya lumabas ngayon.”

“Kaya nga ako na lang ang maghihintay, di ba?”

“Sigurado ka ba?”

“Oo naman. Palagi akong sigurado sa ginagawa ko, hindi katulad mo.”

“Hoy, ano na naman ang ibig mong sabihin, ha?”

“Wala. Basta may utang ka sa ’kin ngayon.”

“Utang? Eh lagi naman talaga tayong magkakasabay



dati umuwi, di ba?”

“Oo nga, pero iba na ngayon. Mag-boyfriend na kayo. Maa-out of place na 'ko kapag makisabay pa 'ko sa inyo!”

“Okay, sige. Ilista mo muna ang utang ko. Una na 'ko ha. Pakisabi na lang 'yung reason ko. At saka nga pala, 'wag mo akong siraan ha!”

“Siraulo!”

Patalikod na si Mark nang muli siyang tawagin ni Jayson.

“O, bakit na naman? 'Wag mong sabihing hihingan mo pa 'ko ng pang-merienda?”

“Oo, kasi kailangan mong mag-blow out dahil sinagot ka na ni Gel!”

“Oo na! Pero sa weekend na lang. Kulang pa ang allowance ko ngayon eh.”

Tumalikod na si Mark para lumabas ng gate. Matiyaga namang naghintay si Jayson kay Angelique. Hindi naman nagtagal at lumabas na rin ang dalaga mula sa room nila.

“Jay, si Mark?”

“Nauna na. Dadaan pa raw kasi siya sa gym kaya ipinagbilin ka na lang niya sa 'kin.”

“What? This is just his second day as my boyfie 'tapos ganyan na agad siya? Taken for granted na agad ako?”

“May oras kasi ang gym niya. Intindihin mo na lang. Bukas naman siguro wala siyang gym.”

“Buti pa sa gym, may oras siya, sa akin, wala.”

“Alam mo, okay lang ‘yon kasi nandito naman ako. Ako na lang ang maghahatid sa ‘yo.”

“Thanks, Jay. Buti na nga lang lagi kang nandiyan.”

“Teka, baka naman gusto mo muna akong i-blowout kasi di ba calling for celebration ang pagsagot mo kay Mark kahapon?”

“Blowout? Sige na nga! Tara!”



Napunta sila sa isang mamihan.

“Mainit na mami at malutong na kwek-kwek! Hmm, sarap nito!” takam na takam na sabi ni Angelique.

“Wala man lang bang halo-halo dito?”

“Mami at kwek-kwek lang ang sagot ko ‘no! Kung gusto mo ng halo-halo eh di bumili ka. Kung gusto mo naman idamay mo na rin ako!”

“O sige. Oorder ako. Hintayin mo lang ako dito.”

“Bilisan mo ha! Kakainin ko na itong mami!”

Mayamaya lang ay dala na ni Jayson ang dalawang halo-halo sa tray. Masayang-masaya siya kapag ganitong nasosolo niya si Angelique.

“Gel, sigurado ka na ba talaga sa feelings mo para kay Mark?” tanong niya nang muling makaupo sa mesa.

“He’s my first boyfriend. Siguro naman sigurado ako.”

“Iyon na nga eh, first BF mo pa lang kaya malamang hindi ka pa sigurado!”

“Wait, don’t you like Mark for me?”

“Hindi naman sa gano’n. I just want to protect both



of you. Nag-aalala lang kasi ako na baka kapag nag-break kayo eh masayang ang ilang taong pinagsamahan natin bilang magkakaibigan.”

Natigilan si Angelique. “Alam mo may point ka. Pero ‘wag naman sanang humantong sa gano’n. Saka ‘wag na muna natin isipin ‘yon kasi two days pa lang kaming mag-on. Hopefully my relationship with him will be happier and stronger than this!”

Hindi maiwasan ni Jayson na malungkot sa sinabing iyon ni Angelique. Ibig sabihin lang na talagang mahal nito si Mark.

Three

Nang gabing iyon, ayaw pang dalawin ng antok si Angelique. Ilang teleserye na ang natapos niyang panoorin. Sawa na rin siya sa kaka-Internet. Ang posibleng dahilan lang naman kung bakit gising pa siya ay ang hindi pag-reply ni Mark sa mga texts and calls niya.

“Kung kailan mag-on na kami saka naman siya nag-lie low sa text. Bakit na naman kaya? Hindi kaya sumumpong ulit ang sakit ng tiyan niya?”

Pilit munang iwinaksi ni Angelique sa isip niya si Mark. Naghanap siya ng ibang bagay na mapaglilibangan.

“Aha! Alam ko na!”

Kinuha niya ang napulot na diary mula sa loob ng bag at inumpisahang basahin iyon habang nakadapa siya sa kama.

Dear Diary,

I don't know if I'm just really a shy person o hindi lang talaga ako showy. Kaya nga naisip kong mag-diary. Through this mailalabas ko ang lahat ng gusto kong sabihin na hindi ko masabi, ang lahat ng nilalaman ng isip ko na tanging isip ko lang ang nakakaalam, at ang nasa loob ng puso

ko na tanging puso ko lang din ang may alam.

“Hmm, sobra sigurong mahiyain ang may-ari nito,” sabi ni Angelique sa sarili.

Binasa pa niya nang binasa ang mga sumunod na pahina ng diary hanggang sa makatulugan na niya ang pagbabasa nito.



Nagising si Angelique kinabukasan na nakaupo sa isang sulok ng kuwarto niya ang bunso niyang kapatid na babae na si Ury. Seryoso nitong binabasa ang diary.

“Ury!” sigaw ng dalaga.

Nagulat naman ang pitong taong gulang na bata. At dahil sa likas itong pilya, sa halip na ibalik sa kanya ang diary ay tumakbo itong palabas ng kuwarto dala iyon.

“Daddy! Daddy!”

Habol-habol ito ni Angelique.

“Angelique, ano na naman ba ‘yan?” saway ng ama nila na si Mang Elthon habang nagtitimpla ito ng kape.

“Daddy, si Ury kasi ayaw ibalik ‘yung diary!” reklamo ni Angelique na nakasimangot.

“Para binabasa ko lang naman , Daddy, eh!” sagot ng bata.

“Teka, kailan ka pa nag-diary, Gel?” kunot-noong tanong ni Mang Elthon sa anak.

“Hindi po akin ‘yan, Dad. Napulot ko lang!”

“Napulot? Bakit hindi mo isoli sa may-ari?”

“Wala pong name eh. Wala ring kahit anong clue

para malaman kung kanino ‘yan.”

“Kung gano’n, wala ka ring karapatang basahin ‘yan.”

“Daddy! Ako naman ang nakapulot!”

“Pero ang pagbabasa ng hindi naman dapat basahin ay parang pagnanakaw din!” mapagpasensyang paliwanag ng daddy niya.

“Pagnanakaw ng babasahin?”

“Pagnanakaw ng kaalaman, ng sikreto, parang gano’n!” Bumaling si Mang Elthon sa bunso. “Ury, give it to Daddy.”

Nag-aalangan man ay sinunod pa rin ng bata ang ama. Ibinigay nito ang diary.

“Gel, mag-ready ka na sa pagpasok mo. Ikaw rin, Ury. Ako na ang bahala dito sa diary,” anito sabay inom ng kape.

“Hmp!” Inambaan pa ni Angelique ang kapatid.

“Beee!” belat naman ng pilyang bunso sa kanya.

“Tama na ‘yan. Bilisan n’yo ang kilos at baka ma-late kayo!”

Pagpasok ni Angelique sa kuwarto ay saka sinimulan ni Mang Elthon na buklatin ang diary.

Sabay silip naman ng ulo ni Angelique mula sa pintuan ng silid.

“Hephep, Daddy! Bawal!” paalala nito.

“Tsinek ko lang kung may sira,” palusot nito.

Limang magkakapatid sina Angelique na ang mga pangalan ay puro nagsisimula sa vowels. Siya ang panganay. Ang sumunod ay lalaki na si Eman. Ang



pangatlo ay si Irma, pang-apat si Oliver at ang bunso nga ay si Ury. Ang Mommy Azon nila ay nagtatrabaho sa UK bilang DH at ang daddy nilang si Elthon ay nagmamaneho ng jeep na pag-aari nila bukod pa sa limang jeep na pinapalabas nito sa iba pang mga drivers.



After school, nagpi-fishball sa isang kanto malapit sa school sina Angelique at Yumi.

“Wow! Ang sarap talaga ng libre! Gusto ko pa ng squidballs, kikiam and chicken balls ha, Gel!”

“Sige, tumusok ka lang nang tumusok diyan hangga’t may barya pa ’ko!”

“Ay, sige, bongga! Pero ang daya ha! Kay Jayson, mami at kwek-kwek ang treat mo!”

“Wag ka nang mainggit. Di ba ‘yan naman ang paborito mo!”

“Kunsabagay! Teka nga muna. Ba’t ba ikaw ang treat nang treat? Bakit hindi ko yata ma-feel si Mark?”

“May basketball game kasi si Jayson ngayon.”

“Hello! Si Mark ang tinatanong ko, hindi si Jayson!”

“Eh alam mo naman, di ba? Laging very supportive si Mark kay Jayson.”

“Oo nga pala. Minsan nga gusto ko nang isipin na si Jayson ang true type niya at hindi ikaw!” Sabay malakas na tawa.

“Loka-loka! BF ko na siya kaya turn off your doubts na, ‘no!’”

“Ang gays ba hindi pwedeng mag-GF?”

Bumaling si Angelique sa tindero ng fishball.

“Kuya, pabayaran mo sa kanya lahat ng kinain niya ha!”

“Ay, ano ka ba! Sabi ko nga, he’s truly in love with you! In fact, he is so macho gwapito!” bawi ni Yumi.

“Yumi, ano kaya kung puntahan natin sila sa court? Manood din tayo.”

“Pwede, pero pagtapos na nating mag-fishballs ha. Hindi pa ‘ko solve eh!”

“Hoy! Baka naman magtae ka na niyan ha! Porke’t libre, kailangan unli ang kain?”

“Gano’n talaga. Pag may bayad limitado na, di ba?”



Nagpunta nga sila sa basketball court kung saan naglalaro si Jayson. Naabutan nila si Mark na titig na titig dito habang naglalaro ang kaibigan nila.

“Hoy!”

Nagulat pa ito nang tapikin ni Angelique sa balikat.

“My angel, ano’ng ginagawa mo rito?”

“Tulad ng ginagawa mo.”

“Tumitig kay Jayson?”

“Ha?”

“Ang ibig kong sabihin, tinititigan ko siya kasi parang namumutla siya. Tingnan mo! Pansin mo ba?”

“Hindi naman!” singit ni Yumi.

“Actually, nandito kami para manood din ng game niya,” ani Angelique.

“Eh, kung gano’n, panoorin natin siya together.”

Naupo sila sa tabi ni Mark. Iba talaga ang feeling ni Yumi. May naaamoy siyang hindi niya ma-distinguish.



“Mark, ikaw ba wala ka talagang hilig sa basketball?” tanong ni Angelique.

“Alam mo naman, Gel, ever since hindi ko talaga feel maglaro niyan, pero gusto ko namang manood especially kapag may laban ang team ko sa PBA.”

“Bakit hindi mo subukan?”

“Sinubukan ko na minsan pero hindi ako nag-enjoy.”

Hindi na kumibo pa ang dalaga. Sa halip ay nag-cheer na lang ito.



“Jayson! Jayson! Jayson! Woohoo! Yeah!”

Napatingin si Jayson sa kinauupuan ng mga kaibigan. Deep inside ay natuwa siya nang makitang nandoon at nanonood si Angelique plus nag-chi-cheer pa para sa kanya. First game pa lang ito. Sana hanggang sa last game, at kung suwertehin na makaabot sa championship, ay nandoon pa rin ang dalaga para mag-cheer sa kanya. Ginanahan siya sa paglalaro.



Pagdating ni Angelique sa bahay, nagulat pa siya nang pagpasok sa kuwarto ay nadatnan niya sa kama ang diary na sinamsam ng ama.

“Hala! Bumalik sa 'kin ang diary. Hindi kaya may sa maligno 'to? Baka naman diwata o engkanto ang may-ari nito?” bulong ni Angelique.

“Hindi. Ako ang nagbalik niyan diyan. Itabi mo na lang o kaya itapon mo. Wala namang kwenta!” ani Mang Elthon mula sa likuran ng dalaga.

“Daddy! Binasa mo?”

“Kapiraso lang. Na-curious ako eh. Pero tulad nga ng sinabi ko, umpisa pa lang wala nang kwenta. Kung pelikula lang ‘yan, siguradong walang manonood niyan! Boring!” Pagkasabi niyon ay lumabas na ng kuwarto niya ang ama.

“Boring pala ha. Sige, diyan ka muna, diary, at mamaya, pag hindi agad ako dinalaw ni antok, sigurado kong ikaw ang makakatulong sa ‘kin para antukin ako! Kaya para sa ‘kin, may kwenta ka!”

Nagpalit na ng damit si Angelique.



Kinabukasan, tinawagan ni Angelique si Yumi sa CP para magpasama sa mall.

“Sooorryyy, Gel, may lakad kasi kami ng sister ko ngayon. Next time na lang, okay lang?”

“Gan’on ba? Sige, okay lang.”

“Wait! Di ba gift for Mark kamo ang bibilhin mo? Bakit hindi mo ayain si Jayson? Tatal lalaki siya, alam niya kung ano ang magugustuhan ni Mark, devah?”

Biglang kumislap ang mga mata ni Angelique.

“You’re so brilliant talaga! Thank you, friend!”

Number nga ni Jayson ang sunod na dinayal ni Angelique.

“Hello, Jay?”

“Angelique, napatawag ka?” Masaya ang boses nito.

“Busy ka ba?”

“Hindi naman masyado. Actually nagpasama sa ‘kin ‘tong jowa mo sa gym kaya eto nandito kami ngayon.”



“Ha? Sabado ngayon. Akala ko wala siyang gym today. Wait! ‘Wag mong sabihing ako ang kausap mo sa phone ha!”

“Bakit naman?”

“Basta! Gusto ko kasing magpasama sa ‘yo sa mall to buy a gift for him para sa first weeksary namin!”

“Weeksary?”

“Shh! Baka marinig niya!”

“Okay, fine! Sige, text mo na lang sa ‘kin kung anong oras at saan tayo magkikita.”

“Okay, thanks!”

Four

Naisip na lang ni Jayson na sunduin si Angelique sa bahay nito.

“Ateee! Boyfriend mo!” sigaw ni Ury.

“Heh! Tumigil ka nga diyan!” nakasimangot na sagot ng dalaga habang palabas ng kuwarto.

Natawa lang si Jayson.

Nilapitan sila ni Mang Elthon.

“Hoy, Jayson! Itong anak ko bawal pa magka-boyfriend ha, kaya umayos-ayos ka diyan!”

“Wag po kayong mag-alala, Daddy, hindi pa ho niya ako sinasagot!” pabirong sagot ng binata na ikinataas ng kilay ni Angelique.

“We’re just friends, Dad!” apila ng dalaga.

“Yang *we’re just friends* na ‘yan, gasgas na gasgas na ‘yan sa showbiz kaya mahirap nang paniwalaan!”

“Daddy, hindi naman tayo showbiz eh!”

“Pero ang buhay natin parang showbiz din, magulo, makulay, masaya pero maraming pagpapanggap. ‘Yan ang buhay ng lahat ng tao.”

Umikot ang mga eyeballs ni Angelique. “Hay, naku. Tara na nga, Jay!”

“Teka, saang mall ba kayo pupunta? Sumama kaya ako?”



“Daddy naman! Bibili lang kami ng gift sa mall para sa classmate naming may birthday! Awkward namang sumama ka pa!” Yumakap si Angelique sa ama.

“Ayan ka na naman eh. Ginagamitan mo na naman ako ng magic yakap mo! O, sige na, hindi na ako sasama. Basta uwi agad ha. Bibiyahe ako mamaya. Walang kasama ang mga kapatid mo dito!”

“Sandali lang po kami, Dad, promise!”

“O, siya! Lumakad na kayo. Magdala ka ng payong at baka umulan.”

“Tirik na tirik ang araw, Daddy. Hindi po uulan!”

“Basta magdala ka ng payong. Ang panahon parang babae ‘yan, hindi mo masabi ang ugali!”

“Gel, ako na lang ang magbibitbit ng payong mo. Alam ko naman nahihiya ka lang magdala eh,” offer ni Jayson.

“Sige, sabi mo ‘yan ha!”

“Ate, sama ‘ko!” habol ni Ury.

“Hindi pwede!” sagot ng dalaga.

Matapos magpaalam sa ama ay lumakad na ang dalawa.



Habang naglalakad sa mall ay nagkukuwentuhan sila.

“Hindi mo pa pala sinasabi sa daddy mo na may boyfriend ka na?” simula ni Jayson.

“Alam ko namang magagalit siya eh.”

“Alam mo palang magagalit siya, bakit nakipag-boyfriend ka agad?”

Nagkibit-balikat si Angelique. “Wala lang. Gusto ko

lang.”

“Pwede ba ‘yon? Pa’no pag nalaman niya?”

“Eh di lagot! Saka malalaman lang naman niya kapag nagsumbong ka!”

“Ako pa ba ang magsusumbong? Pero alam mo namang walang sikreto ang hindi nabubunyang.”

“Totoo ba talaga ‘yon?”

“Oo naman. Hindi ka naniniwala?”

“Ewan ko. Ah, basta. Gusto ko lang naman ma-experience ang magka-BF tulad ng mga sikat sa school. Tulad nina Trisha, Rizza Mae at Anna Lou—”

“What? So hindi totoo ang love mo kay Mark?”

“Syempre totoo! Iyon naman talaga ang main reason. Kumbaga sa recipe, ‘yun ang main ingredient!”

“Nahawa ka na rin sa daddy mo sa kumbaga,” tawa ni Jasyon. “Pero, Gel, payong kaibigan lang ha. Sana maging maingat ka sa relasyong pinasok mo. Kung nakipagrelasyon ka kahit ipinagbabawal pa ng daddy mo, sana ‘yung iba pang mga bawal ‘wag mo nang gagawin.”

“Ano bang mga bawal ang sinasabi mo? Kung sex ang tinutukoy mo, malabo pang mangyari ‘yun ‘no!’ natatawang sabi ni Angelique.

“Buti naman kung gano’n. Ang pagsisisi laging nasa huli ‘yan!”

“Opo.”

Pumasok sila sa isang gift shop.

“Jay, ano ba sa tingin mo ang magugustuhan ni Mark para sa weeksary namin?”

“Ikaw naman, parang hindi mo kabisado ang



mokong na 'yon. As his GF, dapat alam mo ang mga favorites niya, gaya ng *Transformers*. Paborito niya 'yun di ba? Siguro mas maganda kung related sa *Transformers* ang ireregalo mo sa kanya!”

“Ha? Hindi ba alangan kung regaluhan ko siya ng *Transformer* toy?”

“Kaya nga related lang. For example, t-shirt na may design ng *Transformers* o kaya mug!”

“You have a point. D’un tayo sa department store!”

Lumabas sila ng gift shop at nagpunta sa department store.

Selos na selos si Jayson sa ipinapakitang pagmamahal ni Angelique kay Mark pero wala naman siyang magawa para maibsan ang damdaming iyon.

Matapos nilang makabili ng regalo ay dumaan muna sila sa isang coffee shop na nasa loob din ng mall.

“Hay, I feel so happy na!” nakangiting sabi ni Angelique.

“I’m happy for you,” kaswal namang sagot ni Jayson.

“Thank you ha!”

Patuloy sa pagkukuwentuhan ang dalawa. Lingid sa kaalaman nila ay nandoon din pala si Mark, kasama ang ina sa isang table.

“Mom, wait lang. I saw my friends sa kabilang table, sina Jayson at Angelique. Lalapitan ko lang sila,” ani Mark.

“Gano’n ba? Why don’t you ask them to join us para isang table na lang tayo?”

“No, Mom. Ayokong makita nila na magkasama tayo

dito. Baka isipin pa nilang mama's boy ako. Just wait for me here.”

“Okay, fine! Paki-hello mo na lang ako sa kanila.”

Lumapit nga si Mark sa dalawa.

“Hey, guys!” bati nito.

Nagulat at nagkatinginan sina Angelique at Jayson.

“Mark, ano'ng ginagawa mo dito?” tanong ng dalaga.

“Di ba dapat ako ang magtanong niyan sa inyo?

‘Cause I thought I *am* your boyfriend. Di ba ako dapat ang kasama mong nagde-date ngayon?”

“Date? Hindi kami nagde-date! Actually, nagpasama lang talaga ako kay Jayson dito para sa isang sorpresa but you're not supposed to know about that surprise this soon!” nakangiting sabi ni Angelique.

“Surprise para sa 'kin?”

“Yes. It's a surprise!”

Nagpalipat-lipat sa pagitan ng dalawang kaibigan ang mga mata ni Mark. “Alam n'yo, guys, hindi ako makakatulog niyan kaya mabuti pa let me know na lang. Now na!”

“Wag kang makulit. Sinabi na nga niyang surprise di ba?” naiiritang sabi ni Jayson.

“Gano'n ba? Okay, sige. Ipagpatuloy n'yo na ang pagkakape n'yo. Kitakits na lang tayo sa school. I'm so excited sa surprise na 'yan!” Pagkasabi niyon ay walang lingon na tumalikod na si Mark at naglakad palayo.

“Wait, baby Mark! Do you want us to join you at your table?”

Sumenyas na lang si Mark ng *no*.

“Ha? Gano’n lang?”

Hindi satisfied si Angelique sa ikinilos ni Mark. Hindi siya sure kung nagdamdam ba ito sa pagkakita sa kanila ni Jayson na magkasama o balewala lang ba talaga rito ang nakita?

“He’s with his mom. Kaya siguro saglit lang siya dito sa table natin. I guess Tita Martha doesn’t know that he already has a GF, the same way Tito Elthon doesn’t know that you have a boyfriend.”

“Tingin mo ba magagalit si Tita Martha kapag nalaman niyang mag-on na kami ni Mark?”

“I don’t know. Hindi naman kasi tayo close kay Tita Martha, at hindi rin palakuwento si Mark tungkol sa mga parents niya so I don’t have any idea what she has to say about her only son being in a relationship.”

Sa sinabing iyon ni Jayson ay medyo nag-alala si Angelique.



“Eeeeeee!” tili ni Yumi.

Mag-isa lang siya sa loob ng kuwarto niya at nakatuwad sa ilalim ng kama. Ang dahilan ng pagtili niya ay ang bagay na maghapon na niyang hinahanap. Ang bagay na iyon ay sobrang importante sa kanya kaya naman over siyang maka-react sa pagkawala nito.

Sumalampak si Yumi sa sahig at gusto nang mangunguyngoy, pinipigilan lang niya ang sarili.

“OMG! Asan ka na ba? Magpakita ka na sa ’kin please!” pagmamakaawa niya nang biglang tumunog ang cellphone niya. Inapuhap niya iyon bago sinagot.

“Gel, hello?”

“O, bakit ganyan ang boses mo? What happened?”
tanong ni Angelique sa kabilang linya.

“There’s something really, really, really wrong with my stuff!”

“Ano na naman ‘yon?”

“Never mind. Bakit ka ba napatawag?”

“Eh kasi hindi ako mapakali.”

“Bakit na naman? Naiisip mo na naman ang boyfren-boyfrenan mo?”

“Lukaret! Official ‘yon ‘no!”

“Talaga? Alam na ba ng mga parents n’yo?”

“Exempted na sila!”

“Whatever! Ano talaga’ng problema mo?”

“Kasi nga malapit na ang weeksary namin!”

“What? Weeksary? Kailangan ba talaga me gano’n?”
bulalas ni Yumi.

“Ikaw naman, anong generation ka ba pinanganak?
Uso talaga ‘yon!”

“Okay, fine! So? Ano ngayon kung malapit na ang weeksary n’yo? ‘Wag mo sabihing magpapa-party ka.”

“Of course not! I just want a simple celebration!”

“May celebration talaga?”

“Ito naman! Syempre! Pero syempre it’s just the two of us, ‘yung tipong romantic ang dating!”

“Wait, di ba dapat siya ang namomroblema niyan?”

“Eh di ba nga kasi ang mga guys hindi naman sila mahilig sa mga gano’n? So tayong mga girls talaga ang need mag-prepare,” giit ni Angelique.

“I beg to disagree!”

“Disagree talaga?”

“Oo, girl promise. Eto ha, bibigyan kita ng tip.

Bakit hindi mo hintayin na maalala niyang batiin ka sa weeksary n’yo? Malay mo naman may inihahanda siyang surprise para sa ’yo. O kahit a simple date man lang.”

“Ha? Ibig sabihin, magpe-pretend ako na hindi ko naaalala ang weeksary namin?”

“Try mo lang naman hanggang midnight,” suggest ni Yumi. “Kasi kapag hindi niya naalala man lang, I guess hindi masyadong importante sa kanya ang gano’n, so hindi worth na mamroblema ka pang mag-isip ng papatok na gimik for your first weeksary.”

“Gano’n ba? So pag hindi importante sa kanya dapat ba hindi rin importante sa ’kin?”

“Parang gano’n. Ang point ko diyan, dapat pareho kayo ng mga gusto, ng mga ayaw, ng mga importante at hindi importante sa life n’yo, ng mga priorities, to make your relationship work!”

“G-gano’n ba? May point ka,” sang-ayon na rin ni Angelique.

“Don’t be sad, girl. That’s just what I think o pwede mong paniwalaan, pwede rin namang hindi.”

“Thank you, Yumi ha. You’re such a good friend talaga!”

“You too. Okay na ha! Bye, Gel!”

Pagkababa ng phone ay muling bumalik si Yumi sa pag-e-emote niya dahil sa nawawalang gamit.

“Waaaahhhh!” maarte niyang iyak.